# Mga Proseso ng Reklamo sa Diskriminasyon sa ilalim ng Titulo VI para sa Dibisyon ng Mga Kalsada ng Tanggapan ng Pampublikong Gawain ng Kitsap County (Kitsap County Public Works Roads Division)

Ipinagbabawal ng pambansang batas ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan para sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad ng Public Works Roads Division ng Kitsap County. Nalalapat ang pagbabawal na ito sa lahat ng sangay ng Public Works Roads Division ng Kitsap County, ang mga kontraktor, consultant at sinumang kumikilos sa ngalan ng Public Works Roads Division ng Kitsap County.

Ang mga reklamo na may kaugnayan sa mga programa ng Federal-aid ay maaaring isampa sa Public Works Roads Division ng Kitsap County at ipapasa sa Departamento sa Transportasyon ng Estado ng Washington – Tanggapan para sa Pagkakapantay-pantay at Karapatang Sibil (Office of Equity and Civil Rights, OECR). Kung kailangan mo ng tulong para magsampa ng iyong reklamo o kailangan ng mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon, pakisuyong mag-email sa kitsap1@help.com, o tumawag sa 360-337-5777 at/o magpadala ng sulat sa:

Public Works ng Kitsap County
Para kay: Tagapangasiwa na may Titulo VI
614 Division Street, MS-26
Port Orchard, WA 98366

Ang sinumang naniniwalang hindi sila isinali sa pakikilahok, tinanggihan sa mga benipisyo, o nakaranas ng diskriminasyon sa anumang programa, serbisyo o gawain ng Public Works Roads Division ng Kitsap County dahil sa kanilang lahi, kulay, bansang pinagmulan ay puwedeng magsampa ng reklamo.

Kasama sa diskriminasyon ang kakulangan sa access, pang-aabuso, paghihiganti at hindi patas na epekto mula sa programa o gawain. Kasama sa pang-aabuso ang iba't-ibang anyo ng mapang-abuso at nakakahiyang mga pananalita o gawain. Kasama sa paghihiganti ang mga paggawing nakakatakot, nagbabanta, namimilit laban sa sinuman dahil nagsampa sila ng reklamo o nakilahok sa imbestigasyon sa diskriminasyon.

Paano ka magsasampa ng reklamo?

Ang mga reklamo ay dapat maisampa nang hindi lalampas sa 180 araw mula sa petsa ng umano'y diskirminasyon. Makipag-ugnayan Public Works Roads Division ng Kitsap County kung naniniwala kang puwedeng lumagpas sa deadline ang iyong reklamo.

Gagawa ng mga makatuwirang paggsisikap para tulungan ang mga taong may kapansanan, hindi nagsasalita ng Ingles, at iba pang hindi kayang magsampa ng nakasulat na reklamo. Para sa tulong sa pagsasampa ng reklamo, pakisuyong makipag-ugnayan sa Public Works Division ng Kitsap County.

Ang mga reklamo ay dapat nakasulat, napirmahan, at puwedeng isumite sa pamamagitan ng sulat, fax, in person o e-mail. Kung tatawag ang nagrereklamo sa Public Works Roads Division ng Kitsap County para magsabi ng reklamo, isusulat muna ang kanilang mga sinabi mula sa tawag at pagkatapos ay ipapadala sa kanila ang nakasulat na reklamo para maitama at malagyan ng pirma. Puwede ring magsumite ng reklamo online ang mga nagrereklamo o mag-download ng form para sa reklamo.

Dapat na naglalaman ang reklamo ng sumusunod na impormasyon:

- Contact informartion ng nagrereklamo, kabilang ang, kung mayroon: buong Pangalan, mailing addess, numero ng telepono (at pinakamagandang oras para tumawag), at email address (kung mayroon);

- Batayan ng reklamo (hal,. lahi, kulay, bansang pinagmulan);
- Ang pangalan ng (mga) tao at/o ahensya/organisasyon na umano'y nagdiskrimina;
- Paglalarawan sa umano'y gawaing nagdidiskrimina, na naglalaman ng sapat na impormasyon para maunawaan ang mga pangyayari na nagbigay-dahilan sa nagrereklamo na maniwalang nangyari ang diskriminasyon sa isang programa o gawain na tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa Bansa; at
- Ang (mga) petsa ng umano'y (mga) naganap na diskriminasyon at kung patuloy parin ito.

Lahat ng reklamo sa ilalim ng Titulo VI ay itinatala. Dapat na naglalaman ang Tala ng Reklamo (Complaint Log) ng sumusunod na impormasyon para sa bawat reklamong naisampa:

- Pangalan at adress ng taong nagsampa ng reklamo.
- Ang petsa ng reklamo.
- Ang batayan ng reklamo.
- Ang desisyon tungkol sa reklamo.
- Ang kalagayan ng reklamo.

Ang Tala ng Reklamo at dokumentasyon ay sisirain apat na taon pagkatapos ng taon ng pananalapi (fiscal year) kung kailan sarado na ang kaso.

Ipapadala naman ngayon ng Public Works Roads Division ng Kitsap County ang mga reklamo sa WSDOT-Office of Equal Opportunity para sa pagpoproseso ng FHWA. [Iimbestigahan lamang ng WSDOT ang mga reklamo kung inatasan ito ng FHWA pagkatapos tanggapin ang reklamo.] Responsable ang FHWA para sa lahat ng desisyon kung tatanggapin, tatanggihan, o ililipat ang reklamo pati na rin sa pag-alam kung walang paglabag o hindi pagsunod.

May karapatan ang mga nagrereklamo na direktang magsampa ng kaso sa ahensya ng pambansang pondo (federal funding agency). Ang sumusunod na address ang lugar kung saan puwedeng direktang isumite sa FHWA ang mga reklamo sa ilalim ng Titulo VI:

Federal Highway Administration
U.S. Department of Transportation Office of Civil Rights
8th Floor E81-105
1200 New Jersey Avenue, SE
Washington, DC 20590

CivilRights.FHWA@dot.gov

<u>Ano na ang magyayari pagkatapos isampa ang reklamo?</u>

Kung ang reklamo mo ay ipapasa sa ibang ahensya, bibigyan ka ng pangalan at contact information ng empleyadong humahawak sa iyong reklamo.

Ipinagbabawal ng pambansang batas ang paghihiganti laban sa mga indibidwal dahil nagsampa sila ng reklamo o nakilahok sa imbestigasyon sa diskriminasyon. Ang anumang umano'y paghihiganti ay dapat iulat nang nakasulat sa imbestigador.

Ang FHWA ay magbibigay ng huling desisyon sa lahat ng kaso, kabilang na ang mga inimbestigahan ng WSDOT. Walang mga pormal na proseso para sa apelang administratibo (administrative appeal forums) para sa reklamo sa ilalim ng Titulo VI. Sa oras na ilabas ng FHWA ang kanilang huling desisyon, isasara na ang reklamo.

Hindi pinagbabawalan ang isang nagrereklamo na magsampa ng reklamo sa ilalim ng Titulo VI sa parehong oras sa LPA, WSDOT, at FHWA.